Katotohanang Papel sa Wika– Tungkol sa HomeStart

Kung nais mong bumili ng sariling bahay o naghahanap ka ng tamang utang-pantahanan, matutulungan ka ng Homestart makapag-umpisa.

Ang Homestart ay maraming pautang na makakatulong sa iyo upang makamit mo ang iyong minimithi – maaring naghahanap ka upang bumili ng iyong unang tahanan, o nais mong magtayo o ng tulong sa pananalapi

Bakit piliin ang Homestart?
Upang makabili ka ng iyong tahanan sa madaling panahon, mayroon kaming mga pautang na nakahanay ang mga tanging tampok na katangian, kabilang ang;

- mga utang na makakadagdag sa maari mong utangin
- mga opsiyon sa mababang deposito
- walang Seguro sa Tagasangla (Lender's Mortgage Insurance – LMI) – sa halip, ang Homestart ay mayroong nakatakdang Kondisyon sa Pagsingil ng Utang na mas mababa sa LMI para sa karamihan ng mga kliyente
- walang mga bayad alinsunod sa pag-iingat ng kuwenta
- mga utang nalalabas uli, mga permanente at hating halaga ng interes, at mga opsiyon sa puhunan.

Pagbabayad ng Utang

Ang Homestart ay nag-aalay rin ng mga opsiyon sa pamamahala ng iyong pagbabayad sa utang. Ang Pangkaligtasang Pagbabayad (Repayment Sagefuard) ay pumuputol sa pag-uugnay ng halaga ng interes at halaga ng pagbabayad. Ang iyong unang pagbabayad ay base sa iyong kinikita at ang kaugaliang pag-aayos taun-taon kaalinsabay sa implesyon. Ang ibig sabihin nito ay, kahit na ano ang mangyari sa halaga ng interes, ang iyong pagbabayad ay mababago lamang minsan tuwing ika-12 buwan.

Maari mo ring piliiin ang tradisyonal na estilo sa pagbabayad kasabay ng 'Interest na Nag-uugnay sa Pagbabayad'. Makipag-usap sa amin kung ano ang mabuti sa iyo.

Ako ba ay karapatdapat sa isang pautang ng Homestart?
Upang maging karapatdapat, kailangan ikaw ay:

- higit na 18 taong gulang
- mayroong permanenteng katayuan o pagka-mamamayan ng Australya
- may intensyon manirahan sa tahanang iyong binili
- bumibili ng tahanan sa Timog Australya
- may regular na kita (kasama dito ang mga benepisyo ng Centrelink)
- May impok na $1,000 na hawak ng tatlong buwan man lamang, o mabuting kasaysayan sa pagbabayad ng upa

Paano mag-umpisa
Kung ikaw ay handa na, titingnan natin ang iyong mga opsyon sa pangungutang, at bibigyan ka ng sariling turing sa halaga ng utang.

Kung Ingles ang iyong pangalawang wika, at ibig mong magsalita sa iyong unang wika, maari naming ayusin ang isang interprete para sa iyo.

Kung nais mong makipag-usap sa isa sa aming kasangguni, tumawag lamang sa **8203 4000** o Libreng Tawag sa **1800 018 788** para sa mga malalayong rehiyon.

Mga taning sa panahon, mga kondisyon at mga katangiang angkop ay gagamitin. Mga singil at kabayaran ay kailangan bayaran. Ang impormasyong ito ay tama umpisa Disyembre 2009 at maaring magbago ng walang patalastas.

Tagalog

Hindi makuha ang salansan?
Upang ma-download ang Adobe Acrobat Reader, i-klik lamang ang buton sa ibaba.

Ang pahinang ito ay may impormasyon tungkol sa mga utang-pantahanan ng Homestart.
Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnay lamang sa Homestart ngayon.